- Pirmahan** ang aplikasyong ito **sa pahina 12?** Kung pumili ka ng isang awtorisadong kinatawan, pirmahan rin ang pahina 10.

Ilan pang mga tanong (opsiyonal)

1. Nagkaroon ka ba ng mga pagbabago sa iyong buhay kamakailan lang na naging dahilan upang gustuhin mong mag-apply para sa segurong pangkalusugan (health insurance)?

Kung oo, lagyan ng tsek ang lahat ng angkop.

- | | |
|---|---|
| <input type="checkbox"/> Lumipat sa California | <input type="checkbox"/> Hindi na nabibilanggo |
| <input type="checkbox"/> Nakakuha ng pagkamamamayan (citizenship) o lawful presence (naaayon sa batas ang pagtira sa USA) | <input type="checkbox"/> Pagkawala ng segurong pangkalusugan |
| <input type="checkbox"/> Nagkaroon ng dependiyente (sa pamamagitan ng panganganak, kasal, o pag-ampon) | <input type="checkbox"/> American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan |
| <input type="checkbox"/> Pagkawala ng pagsasaklaw ng Medi-Cal | <input type="checkbox"/> Pagkawala ng tulong sa premyum para sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California |
| <input type="checkbox"/> Iba pa _____ | |

Kailan nangyari itong pangyayari sa buhay? (buwan / araw / taon) _____

2. Paano mo narinig ang tungkol sa Covered California? Lagyan ng tsek ang lahat ng angkop.

- | | | |
|---|--|--|
| <input type="checkbox"/> Outreach at programang pang-edukasyon | <input type="checkbox"/> Website ng CoveredCA.com | <input type="checkbox"/> Email |
| <input type="checkbox"/> Anunsiyo sa magasin o diyaryo | <input type="checkbox"/> Tanggapan ng pamahalaan | <input type="checkbox"/> Billboard |
| <input type="checkbox"/> Anunsiyong ipinadala sa koreo | <input type="checkbox"/> Karatula sa retail store | <input type="checkbox"/> Polyeto |
| <input type="checkbox"/> Certified Enrollment Counselor (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) | <input type="checkbox"/> Kaibigan o pamilya | <input type="checkbox"/> Simbahan |
| <input type="checkbox"/> Tagapaglaan ng pangangalaga o ospital | <input type="checkbox"/> Internet search | <input type="checkbox"/> Botika |
| <input type="checkbox"/> Ipinasa ng ibang tao o narinig sa ibang tao | <input type="checkbox"/> Anunsiyo sa radyo | <input type="checkbox"/> Mobile app |
| <input type="checkbox"/> Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) | <input type="checkbox"/> Tagapag-empleyo | <input type="checkbox"/> Anunsiyo online |
| <input type="checkbox"/> Organisasyon o pagdiriwang sa komunidad | <input type="checkbox"/> Balitang programa o kuwento | <input type="checkbox"/> Anunsiyo sa TV |
| | <input type="checkbox"/> Social media (halimbawa, Facebook, Twitter, etc.) | |
| | <input type="checkbox"/> Iba pa _____ | |

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.



Attachment A:

Para sa mga American Indian o Katutubo ng Alaska

★ Kumpletuhin ito kung ikaw o ang isang miyembro ng pamilya ay American Indian o Katutubo ng Alaska.

Ang mga American Indian o Katutubo ng Alaska ay makakakuha ng mga serbisyo mula sa Indian Health Services (Mga Serbisyo sa Kalusugan para sa mga Indian), pantribung programang pangkalusugan, o mga programang pangkalusugan para sa mga Indian na nakatira sa mga lungsod. Ang mga American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan ay maaari ring hindi na magbabayad sa mga out-of-pocket na gastos (katulad ng mga copayment) at maaaring makakuha ng mga espesyal na panahon ng pagpapatala. Siguraduhing kumpletuhin ang pormularyo na ito at ipadala ito kasama ng iyong aplikasyon at iyong katibayan ng pamanang American Indian o Katutubo ng Alaska. Maaari kang magpadala ng isang dokumento mula sa isang tribung Indian na kinikilala ng pederal na pamahalaan na nagpapakita na ikaw ay isang miyembro ng tribu o kaanib ng tribu. Kabilang sa mga dokumento ang isang tribal enrollment card (kard sa pagpapatala sa tribu) o certificate of degree of Indian blood (CDIB, sertipiko ng antas ng dugong Indian) mula sa Bureau of Indian Affairs (Kawanihan ng Kapakanan ng Indian).

Kung kailangan mong sabihin sa amin ang tungkol sa higit sa apat na taong American Indian o Katutubo ng Alaska, **gumawa ng kopya ng pahinang ito**, at siguraduhing ipadala ito kasama ng iyong aplikasyon.

Tao 1

Unang pangalan	Gitnang pangalan	Apelyido	Suffix (halimbawa: Sr., Jr., III, IV)
----------------	------------------	----------	---------------------------------------

Ang taong ito ba ay miyembro ng isang tribung American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan?

Oo Hindi

Kung oo, isulat ang pangalan ng tribu: _____ at ang estado ng tribu: _____

Tao 2

Unang pangalan	Gitnang pangalan	Apelyido	Suffix (halimbawa: Sr., Jr., III, IV)
----------------	------------------	----------	---------------------------------------

Ang taong ito ba ay miyembro ng isang tribung American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan?

Oo Hindi

Kung oo, isulat ang pangalan ng tribu: _____ at ang estado ng tribu: _____

Tao 3

Unang pangalan	Gitnang pangalan	Apelyido	Suffix (halimbawa: Sr., Jr., III, IV)
----------------	------------------	----------	---------------------------------------

Ang taong ito ba ay miyembro ng isang tribung American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan?

Oo Hindi

Kung oo, isulat ang pangalan ng tribu: _____ at ang estado ng tribu: _____

Tao 4

Unang pangalan	Gitnang pangalan	Apelyido	Suffix (halimbawa: Sr., Jr., III, IV)
----------------	------------------	----------	---------------------------------------

Ang taong ito ba ay miyembro ng isang tribung American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan?

Oo Hindi

Kung oo, isulat ang pangalan ng tribu: _____ at ang estado ng tribu: _____

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY:1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.



Katayuang pang-imigrasyon

Kung ikaw ay nasa isa sa mga pangkat sa ibaba, maaaring kuwalipikado ka para sa segurong pangkalusugan (health insurance). Kung hindi nakalista ang iyong katayuang pang-imigrasyon, maaari ka pa ring kuwalipikado at dapat ka pa ring mag-apply.

- Lawful Permanent Resident (LPR, Legal na Permanenteng Residente/may hawak na Greencard)
- Lawful Temporary Resident (LTR, Legal na Pansamantalang Residente)
- Asylee (taong binigyan ng katayuang asylum)
- Refugee (taong tumatakas sa sariling bansa)
- Cuban/Haitian entrant
- Taong binigyan ng paglayang may pasubali patungo sa U.S.
- Conditional entrant na ipinagkaloob bago ang 1980
- Ginulping asawa, bata at magulang (battered spouse, child or parent)
- Biktima ng trafficking at ang kanyang asawa, anak, kapatid o magulang
- Binigyan ng withholding of deportation o withholding of removal, sa ilalim ng mga batas pang-imigrasyon o sa ilalim ng Convention against Torture (CAT)
- Taong may katayuang di-imigrante (kabilang ang mga worker visa, student visa, at mga mamamayan ng Micronesia, ng Marshall Islands, at Palau)
- Temporary Protected Status (TPS) o Aplikante para sa Temporary Protected Status (TPS)
- Deferred Enforced Departure (DED)
- Deferred action na katayuan *Tandaan: Kung ikaw ay isang indibidwal na may deferred action na katayuan sa ilalim ng deferred action for childhood arrivals in process (DACA) ng Department of Homeland Security, hindi ka itinuturing na lawfully present (nakatira sa USA na naayon sa batas).*
- Aplikante para sa special immigrant juvenile status
- Aplikante para sa adjustment to LPR status, na may aprobadong petisyon sa visa
- Aplikante para sa asylum
- Aplikante para sa withholding of deportation o withholding of removal, sa ilalim ng mga batas pang-imigrasyon o sa ilalim ng Convention against Torture (CAT)
- Mga registry na aplikante na may Employment Authorization Document (EAD)
- Order of supervision (na may EAD)
- Aplikante para sa kanselasyon ng pagtatanggal o pagsususpende ng deportasyon (na may EAD)

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY:1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.



Attachment C:

Piliin ang iyong plano sa segurong pangkalusugan ng Covered California

★ Kung kailangan mo na sabihin sa amin ang tungkol sa higit sa apat na tao, gumawa ng kopya ng pahinang ito at ang susunod na pahina at gamitin ang mga iyon upang ibigay sa amin ang impormasyon. Tiyakin na ipadadala sa amin ang mga pahina kasam ang iyong aplikasyon.

Upang piliin ang pribadong health insurance plan, isulat ang pangalan o medalya ng plano na nais mo sa ibaba. Sa oras na pumili ka ng plano, kakailanganin mo na magbayad ng iyong kauna-unahang premium upang magkaroon ng bisa ang iyong health care coverage. **Dapat kang magbayad ng direkta sa insurance carrier na iyong pinili. Maaari kang makipag-ugnayan sa kanila ng direkta o hintayin na padalhan ka nila ng iyong babayaran. Huwag ipadala ang iyong bayad sa Covered California. Tingnan ang Frequently Asked Question #8 sa pahina 20 para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano magbayad ng iyong kauna-unahang premium na bayad.**

Upang matuto ng higit tungkol sa mga available na health plan o impormasyon sa pagbabayad ng premium, bisitahin ang CoveredCA.com o tumawag sa 1-800-300-1506 (TTY: 1-888-889-4500).

Pangalan <i>Una, gitna, apelyido, suffix (halimbawa, Jr., Sr., III, IV)</i>	Pangalan ng plano sa kalusugan (health plan)	Baitang ng metal	Numero ng metal	Uri ng plano
Tao 1:		<input type="checkbox"/> Platinum <input type="checkbox"/> Ginto <input type="checkbox"/> Pilak <input type="checkbox"/> Bronse <input type="checkbox"/> Planong may pinakamaliit na pagsasaklaw (minimum coverage plan)		<input type="checkbox"/> EPO <input type="checkbox"/> HMO <input type="checkbox"/> HSA <input type="checkbox"/> PPO
Tao 2:		<input type="checkbox"/> Platinum <input type="checkbox"/> Ginto <input type="checkbox"/> Pilak <input type="checkbox"/> Bronse <input type="checkbox"/> Planong may pinakamaliit na pagsasaklaw (minimum coverage plan)		<input type="checkbox"/> EPO <input type="checkbox"/> HMO <input type="checkbox"/> HSA <input type="checkbox"/> PPO
Tao 3:		<input type="checkbox"/> Platinum <input type="checkbox"/> Ginto <input type="checkbox"/> Pilak <input type="checkbox"/> Bronse <input type="checkbox"/> Planong may pinakamaliit na pagsasaklaw (minimum coverage plan)		<input type="checkbox"/> EPO <input type="checkbox"/> HMO <input type="checkbox"/> HSA <input type="checkbox"/> PPO
Tao 4:		<input type="checkbox"/> Platinum <input type="checkbox"/> Ginto <input type="checkbox"/> Pilak <input type="checkbox"/> Bronse <input type="checkbox"/> Planong may pinakamaliit na pagsasaklaw (minimum coverage plan)		<input type="checkbox"/> EPO <input type="checkbox"/> HMO <input type="checkbox"/> HSA <input type="checkbox"/> PPO

Mga uri ng plano

EPO – Exclusive Provider Organization

HMO – Health Maintenance Organization

HSA – Health Savings Account (ang uri ng planong ito ay nagpapahintulot sa mga miyembro na magbukas at mag-ambag sa isang Health Savings Account)

PPO – Preferred Provider Organization

Upang makumpleto ang pagpili ng plano, ang lahat ng mga indibidwal na 18 taong gulang o higit pa na pumipili ng isang plano sa segurong pangkalusugan (health insurance) ay kailangang sumang-ayon at pumirma sa kasunduang arbitrasyon sa susunod na pahina.

Ang Attachment C ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina 

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY:1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa CoveredCA.com.







Kasunduan para sa Umiiral na Arbitrasyon**► Para sa bawat taong pumipili ng isang plano sa kalusugan ng Covered California:**

Naiintindihan ko na ang bawat lumalahok na plano sa kalusugan ay may sarili nilang mga patakaran para sa paglutas ng mga pagtatalo o mga paghahabol, kabilang na, pero hindi limitado, sa mga paghahabol na iginiit ko, ng aking mga nakatalang dependiyente, mga tagapagmana, o mga awtorisadong kinatawan laban sa isang plano sa kalusugan, anumang kinontratang mga tagapaglaan ng pangangalaga sa kalusugan, mga administrador, o iba pang mga kaugnay na partido, tungkol sa pagkamiyembro sa plano sa kalusugan, ang pagsasaklaw para sa, o ang paghahatid ng, mga serbisyo o mga aytem, medikal o pang-ospital na di-nararapat na asal-propesyonal o malpractice (isang paghahabol o reklamo na ang mga medikal na serbisyo ay hindi kinakailangan o hindi awtorisado o isinagawa nang hindi maayos, pabaya, o nang walang kakayahan), o pananagutan ng lugar (premises liability).

Naiintindihan ko na, kung pipili ako ng plano sa kalusugan na nangangailangan ng umiiral na arbitrasyon (binding arbitration) upang lutasin ang mga pagtatalo, tinatanggap ko, at sumasang-ayon ako sa, paggamit ng umiiral na arbitrasyon upang lutasin ang mga pagtatalo o mga paghahabol (maliban sa mga kaso sa Small Claims Court (Hukuman para sa mga Maliliit na Paghahabol) at mga paghahabol na hindi maaaring mapasailalim sa binding na arbitrasyon sa ilalim na namamahalang batas) at sinusuko ko ang aking karapatan sa isang paglilitis na may lupong tagahatol (jury trial) at hindi maaaring pagpasyahan ang pagtatalo sa hukuman, maliban na lang kung naglalaan ang isang angkop na batas para sa pagsaalang-alang ng hukuman (judicial review) ng mga pamamaraan ng arbitrasyon (arbitration proceeding). Naiintindihan ko na ang ganap na tadhana ng arbitrasyon (full arbitration provision) para sa bawat lumalahok na plano sa kalusugan, kung mayroon man sila, ay nasa dokumento ng pagsasaklaw ng plano sa kalusugan, na makukuha online sa **CoveredCA.com** para sa aking pagrerepaso, o, matatawagan ko ang Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500) para sa karagdagang impormasyon.

► Mga pirma ng mga nagpatala para sa lahat ng mga plano

Pirma ng Tao 1 , o ng responsableng partido, o awtorisadong kinatawan para kay Tao 1 , kung hindi bababa sa 18 taong gulang 	Petsa
Pirma ng Tao 2 , o ng responsableng partido, o awtorisadong kinatawan para kay Tao 2 , kung hindi bababa sa 18 taong gulang 	Petsa
Pirma ng Tao 3 , o ng responsableng partido, o awtorisadong kinatawan para kay Tao 3 , kung hindi bababa sa 18 taong gulang 	Petsa
Pirma ng Tao 3 , o ng responsableng partido, o awtorisadong kinatawan para kay Tao 3 , kung hindi bababa sa 18 taong gulang 	Petsa

Ang Attachment C ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina 

**Kailangan ng Tulong?**

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.

Attachment C:

Piliin ang iyong planosa ngipin ng bata (pediatric dental plan) ng Covered California

Para lamang sa mga batang 18 taong gulang o mas bata

★ Kung nais mo na mag-apply para sa mga serbisyo ng pediatric dental para sa higit na apat na anak, **gumawa ng kopya ng pahinang ito**. Gamitin ito upang ibigay sa amin ang impormasyon, at ipadala ito kasama iyong aplikasyon.

Kung sa tingin mo kuwalipikado ka para sa mga serbisyo sa ngipin ng bata (pediatric dental service) para sa iyong anak at gusto mong pumili ng isang plano sa ngipin ng bata (pediatric dental plan), isulat ang (mga) pangalan ng (mga) plano sa ibaba. Upang malaman ang dagdag pa tungkol sa mga plano sa ngipin ng bata (pediatric dental plan) na inilalaan ng Covered California, bumisita sa CoveredCA.com o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

Pangalan <i>Una, gitna, apelyido, suffix (halimbawa, Jr., Sr., III, IV)</i>	Pangalan ng plano sa ngipin ng bata (pediatric dental plan)	Antas ng pagsasaklaw	Uri ng plano
Bata 1:		<input type="checkbox"/> Mataas <input type="checkbox"/> Mababa	<input type="checkbox"/> DEPO <input type="checkbox"/> DHMO <input type="checkbox"/> DPPO
Bata 2:		<input type="checkbox"/> Mataas <input type="checkbox"/> Mababa	<input type="checkbox"/> DEPO <input type="checkbox"/> DHMO <input type="checkbox"/> DPPO
Bata 3:		<input type="checkbox"/> Mataas <input type="checkbox"/> Mababa	<input type="checkbox"/> DEPO <input type="checkbox"/> DHMO <input type="checkbox"/> DPPO
Bata 4:		<input type="checkbox"/> Mataas <input type="checkbox"/> Mababa	<input type="checkbox"/> DEPO <input type="checkbox"/> DHMO <input type="checkbox"/> DPPO

Mga uri ng plano

DEPO - Dental Exclusive Provider Organization

DHMO - Dental Health Maintenance Organization

DPPO - Dental Preferred Provider Organization

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY:1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa CoveredCA.com.



Mga Tanong na Madalas Tinatanong (FAQ)

Pagkuha ng tulong sa pamamagitan ng Covered California

1. Ano ang Covered California?

Ang Covered California ay isang bagong merkado kung saan ang mga indibidwal at mga pamilya ay makakakuha ng abot-kayang segurong pangkalusugan (health insurance) at ang iyong destinasyon para sa mataas-na-kalidad na pagsasaklaw sa kalusugan.

Ang layunin namin ay gawing simple at abot-kaya para sa mga taga-California na kumuha ng segurong pangkalusugan. Ang Covered California ay isang pagsosyong ng California Health Benefit Exchange at ng California Department of Health Care Services.

2. Paano makakatulong ang Covered California sa akin?

Makakatulong ang Covered California sa iyo sa pagpili ng pribadong plano sa seguro na tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan at badyet.

Maipapaliwanag namin nang malinaw ang mga gastos at mga benepisyong ng mga plano sa segurong pangkalusugan, kung kaya't maihahambing mo ang iba't ibang mga planong mapagpipilian mo. Malalaman mo nang eksakto kung ano ang iyong makukuha at magkano ang iyong kailangang bayaran bago mo piliin ang iyong plano.

3. Anong segurong pangkalusugan ang inaalok sa pamamagitan ng Covered California?

May iba't ibang uri ng mga plano sa kalusugan na mapipilian mo sa pamamagitan ng Covered California. **Hindi ka maaaring tangihang saklawin** ng mga kompanya sa segurong pangkalusugan dahil nagkasakit ka na noon o hindi ka makakakuha ng pagsasaklaw.

Nag-aalok ang Covered California ng apat na pangkat ng mga plano sa segurong pangkalusugan: platinum, ginto, pilak, at bronse, dagdag pa ang planong may pinakamaliliit na pagsasaklaw (minimum-coverage plan). Ang bawat pangkat ay nag-aalok ng ibang antas ng pagsasaklaw, mula sa mataas hanggang mababa. Ang mga plano sa segurong pangkalusugan na sumasaklaw ng marami sa iyong mga medikal na gastos ay karaniwang may mas mataas na premyum pero nagpapahintulot sa iyong magbayad nang mas kaunti sa panahong tatanggap ka ng medikal na pangangalaga.

Ang mga planong platinum ay may pinakamalaking premyum, pero binabayaran nila ang humigit-kumulang 90% ng iyong mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga planong ginto ay nagbabayad ng mga 80%, at ang mga planong pilak ay nagbabayad ng mga 70% ng iyong mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan. Ang mga planong bronse ang may pinakamababang premyum pero binabayaran nila ang humigit-kumulang 60% ng mga saklaw na gastos sa kalusugan. Upang malaman ang dagdag pa tungkol sa buong pakete ng mga benepisyong makukuha, mangyaring bumisita sa **CoveredCA.com** at suriin ang mga dokumento ng plano, katulad ng Evidence of Coverage ng plano, o ang polisa ng seguro (insurance policy) ng plano. O tawagan kami sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

4. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California?

Sinumpang taga-California ay makakakuha ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California kung siya ay residente ng estado at tumutugon sa iba pang mga kahilingan.

Ang mga aplikante ay maaaring maging kuwalipikado para sa libre o mababang-halagang plano sa kalusugan, o para sa pinansiyal na tulong na makakapagbababa sa gastos ng mga premyum at mga copayment. Ang halaga ng pinansiyal na tulong ay batay sa laki ng sambayanan at kita ng pamilya.

Upang mag-apply para sa pinansiyal na tulong, kailangan mong kumpletuhin ang ibang aplikasyon. Bumisita sa **CoveredCA.com** o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

5. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan kahit na sobrang mataas ang aking kita?

Oo. Sinumpang taga-California na kuwalipikado ay maaaring makabili ng segurong pangkalusugan kahit anupaman ang kanilang kita.

6. Paano ako mag-aapply?

Makaka-apply ka para segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California sa sumusunod na mga paraan:

Online: Bumisita sa **CoveredCA.com**. Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa bawat plano sa segurong pangkalusugan, na ipinapaliwanag sa malinaw at simpleng salita.

Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Walang bayad ang tawag na ito!

Sa pamamagitan ng fax: I-fax ang iyong aplikasyon sa **1-888-329-3700**.

Sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo: Ipadala sa koreo ang aplikasyon ng:

Covered California
P.O. Box 989725
West Sacramento, CA 95798-9725

Nang personal: Mayroon kaming sinanay na mga Enrollment Counselors (Tagapayo sa Pagpapatala) o Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na makakatulong sa iyo. O maaari kang bumisita sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng iyong county (county social services office). Walang bayad ang tulong na ito! Para sa listahan ng mga lugar na malapit sa kung saan ka nakatira o nagtatrabaho, bumisita sa **CoveredCA.com** o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

7. Magkano ang gastos para dito?

Magdedepende ang gastos sa kung anong plano sa segurong pangkalusugan ang iyong pipiliin. Maaari mong gamitin ang cost calculator sa **CoveredCA.com** upang malaman ang gastos.

Ang Mga Tanong na Madalas Tinatanong ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina 

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa **CoveredCA.com**.



Mga Tanong na Madalas Tinatanong *(ipinagpapatuloy)*

Pagkuha ng tulong sa pamamagitan ng Covered California *(ipinagpapatuloy)*

8. Dapat ko bang ipadala ang aking unang bayad sa premium kasama ang aplikasyon na ito?

Hindi, huwag ipadala ang iyong unang bayad sa premium sa Covered California. Dapat kang magbayad ng direkta sa insurance carrier. Maaari kang magbayad sa iyong unang premium sa pamamagitan ng liham o maaaring kunin ng iyong insurance carrier ang iyong bayad sa pamamagitan ng telepono o online. Tawagan sila para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano ka magbabayad.

Kung nakatanggap ka ng bill mula sa iyong insurance carrier, pakisuyong sundin ang mga tagubilin sa invoice upang bayaran ito. Ang mga pediatric dental plan ay sisingilin ng hiwalay at dapat bayaran ng bukod.

Kung hindi ka pa nakatanggap na bill, tawagan ang iyong insurance carrier. Ito ay tataagal ng hanggang 36 oras para matanggap nila ang iyong impormasyon pagkatapos mong mag-apply. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagbabayad ng iyong unang bayad sa premium, bisitahin ang CoveredCA.com at pindutin ang "How to Pay" (Paano magbayad) na buton o tumawag sa 1-800-300-1506 (TTY: 1-888-889-4500).

9. Paano kung mayroon na akong segurong pangkalusugan?

Kung may abot-kayang segurong pangkalusugan ka na mula sa iyong tagapag-employo, hindi mo na kailangang gumawa nang anupaman. Pero maaari ka pa ring mag-apply upang malaman kung ikaw o ang mga miyembro ng iyong pamilya ay kuwalipikado para sa mas abot-kayang segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California.

10. Wala sa akin ang lahat ng impormasyon na kinakailangan ko upang sagutin ang mga tanong sa aplikasyong ito. Ano ang dapat kong gawin?

Kung wala sa iyo ang lahat ng impormasyon na aming hinihiling, pirmahan at isumite pa rin ang iyong aplikasyon. Tatawagan ka namin upang sabihin sa iyo kung ano ang iyong gagawin sa loob ng 10 hanggang 15 araw ng kalendaryo pagkatapos na natanggap namin ang iyong aplikasyon. Kung wala kang maririnig mula sa amin, mangyaring tawagan kami sa 1-800-983-8816 (TTY: 1-888-889-4500).

11. Makakakuha ba ako ng tulong sa aking aplikasyon o sa pagpili ng plano?

Oo! Walang bayad ang tulong. May mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) sa mga komunidad sa buong estado na magbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa bagong mga pagpipilian sa segurong pangkalusugan at tutulungan kang mag-apply. Maaari kang makakuha ng tulong sa maraming iba't ibang wika.

Kumuha ng tulong sa iyong aplikasyon o sa pagpili ng plano:

Online: Bumisita sa CoveredCA.com. Magbibigay kami ng impormasyon tungkol sa bawat plano sa segurong pangkalusugan, na ipinapaliwanag sa malinaw at simpleng salita.

Sa pamamagitan ng telepono: Tumawag sa Covered California sa 1-800-983-8816 (TTY:1-888-889-4500). Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Walang bayad ang tawag na ito!

Nang personal: Mayroon kaming sinanay na mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na makakatulong sa iyo. O maaari kang bumisita sa tanggapan ng mga serbisyong panlipunan ng county (county social services office). Walang bayad ang tulong na ito! Para sa listahan ng mga lugar na malapit sa kung saan ka nakatira o nagtatrabaho, bumisita sa CoveredCA.com o tumawag sa 1-800-983-8816 (TTY: 1-888-889-4500).

12. Paano ako makakapili ng plano sa segurong pangkalusugan?

Maaari kang bumisita sa CoveredCA.com upang madaling makabili at makahambing sa mga plano sa segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng paggamit ng online shop at compare tool. Maaari kang pumili sa antas ng pagsasaklaw na pinamakabuting tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan at badyet.

Maaari kang pumili sa antas ng pagsasaklaw na pinamakabuting tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa kalusugan at badyet.

- Maaari kang pumiling magbayad ng mas mataas na buwanang gastos (na tinatawag na premyum) para magbabayad ka ng mas kaunting pera na galing sa iyong balsa sa panahong kailangan mo ng medikal na pangangalaga.
- O, maaari kang pumiling magbayad ng mas mababang buwanang gastos pero magbabayad ka nang mas maraming pera na galing sa iyong balsa sa panahong kailangan mo ng medikal na pangangalaga.

13. Kailangan ko ba ng segurong pangkalusugan ngayon na nagsimula na ang reporma sa kalusugan (health reform)?

Simula Enero 2014, karamihan sa mga tao, kabilang na ang mga bata, ay kailangang magkaroon ng segurong pangkalusugan dahil kung hindi, magbabayad sila ng parusa sa buwis (tax penalty). Ang magulang o tax filer na umaangkin sa isang anak bilang dependiyente sa buwis ng kanyang federal income tax return ay mananagot sa kawalan ng pagsasaklaw sa kalusugan ng dependiyenteng anak, pero ang parusa sa buwis (tax penalty) para sa walang segurong (uninsured) bata na wala pang 18 taong gulang ay kalahati ng parusa sa buwis (tax penalty) parasa walang segurong (uninsured) tao na nasa wastong gulang. Ang pagsasaklaw ay maaaring kabibilangan ng seguro sa pamamagitan ng iyong trabaho, pagsasaklaw na binili mo nang sarili, Medicare o full-scope Medi-Cal.

Ang Mga Tanong na Madalas Tinatanong ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina 

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa 1-800-983-8816 (TTY:1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa CoveredCA.com.



Mga Tanong na Madalas Tinatanong *(ipinagpapatuloy)*

Pagkuha ng tulong sa pamamagitan ng Covered California *(ipinagpapatuloy)*

Ang ilang mga tao ay libre (exempt) mula sa pagkakaroon ng segurong pangkalusugan. Kabilang sa mga taong ito, ngunit hindi limitado sa, ang mga tao kung saan ang kanilang mga relihiyosong paniniwala ay kumukontra sa pagtanggap ng mga benepisyong mula sa isang plano sa segurong pangkalusugan, mga taong nabibilanggo pagkatapos ng paghukom, mga taong miyembro ng tribung American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan, ang iyong mga taong kailangang magbayad ng higit sa 8% sa kanilang kita para sa segurong pangkalusugan, pagkatapos na isaalang-alang ang anumang mga kontribusyon ng tagapag-employo.

Sa 2014, ang parusa ay magiging 1% ng iyong taunang kita o \$95, kung alinman ang mas malaki. Ang parusa ay tataas bawat taon. Sa 2016, ang parusa ay magiging 2.5% ng iyong taunang kita o \$695, kung alinman ang mas malaki. Pagkatapos ng 2016, ang parusa sa buwis (tax penalty) ay tataas bawat taon batay sa cost-of-living adjustment.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga parusa, bumisita sa CoveredCA.com.

14. Paano kung nagbago ang aking kita pagkatapos kong mag-apply?

Kung nagbago ang iyong kita, maaari nitong baguhin ang uri ng segurong pangkalusugan na kuwalipikado ka.

Kung mayroon kang pribadong segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California, tumawag sa amin upang malaman kung kuwalipikado ka para sa pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng Covered California. Maaari nitong bawasan ang gastos ng iyong mga premyum at mga copayment.

15. Magagamit ko ba kaagad ang aking bagong plano sa segurong pangkalusugan ng Covered California?

Kung nag-aapply ka para sa segurong pangkalusugan sa sa Oktubre hanggang Disyembre 2013, magsisimula ang mga serbisyo nang kasing-aga nang Enero 2014. Kung mag-aapply ka sa Enero 2014 o pagkatapos, ang mga serbisyo ay maaaring mag-umpisa sa simula ng kasunod na buwan.

16. Ano ang mangyayari pagkatapos kong mag-apply?

Kung mag-aapply ka online o sa pamamagitan ng telepono, makakatanggap ka ng impormasyong tungkol sa kung kuwalipikado o hindi ka o ang iyong pamilya para sa Covered California. Kung magsusumite ka ng isang papel na aplikasyon o ipa-fax mo ang iyong aplikasyon, padadalhan ka namin ng sulat sa loob ng 10 araw ng kalendary mula sa pagtanggap ng aplikasyon. Kung wala kang maririnig mula sa amin, mangyaring tawagan kami sa 1-800-983-8816 (TTY: 1-888-889-4500).

Iba pang mga tanong

17. Kailangan bang ang lahat ng taong nasa aplikasyong ito ay mamamayan ng U.S. o nasyonal ng U.S. (U.S. citizen o U.S. national)?

Hindi, kung nag-aapply ka lang para sa ibang tao sa iyong pamilya, hindi mo kailangang magpadala ng katibayan ng iyong pagkamamamayan o katayuang pang-imigrasyon. Subalit, sinumang tao na binilhan ng seguro sa pamamagitan ng Covered California ay kailangang isang legal na residente at kailangang may katibayan ng pagkamamamayan o katayuang pang-imigrasyon.

18. Ang aplikasyong ito ay humihiling ng maraming personal na impormasyon. Ibabahagi ba ng Covered California ang aking personal at pinansiyal na impormasyon?

Hindi. Ang impormasyong iyong ibinigay ay pribado at ligtas, ayon sa iniuutos ng pederal at pang-estadong batas. Gagamitin lang namin ang impormasyon upang malaman kung kuwalipikado ka para sa segurong pangkalusugan.

19. Ako ay may pre-existing condition (anumang dati nang kalagayang medikal) o kapansanan. Makakakuha ba ako ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California?

Oo, makakakuha ka ng segurong pangkalusugan, kahit anupaman ang iyong kasalukuyan o nakaraang kondisyon ng kalusugan o kapansanan.

Simula 2014, karamihan sa mga plano sa segurong pangkalusugan ay hindi makakatanggap saklawin ka o singilin ka nang mas mahal dahil lang ikaw ay may pre-existing condition (anumang dati nang kalagayang medikal) o kapansanan.

20. Paano kung ako ay may Medicare?

Sa batas, ang mga miyembro ng Medicare ay hindi makakabili ng dobleng pagsasaklaw sa pamamagitan ng isang Exchange. Kung kaya't, kung ikaw ay may Medicare, ang segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California ay hindi naaangkop para sa iyo. Kung naghahanap ka ng suplementong pagsasaklaw para sa iyong Medicare at wala kang pagsasaklaw ng retirado, mangyaring bumisita sa www.medicare.gov upang malaman ang tungkol sa pagpapatala sa isang plano ng Medicare Advantage o pagbili ng isang polisa ng Medi-gap.

Ang Mga Tanong na Madalas Tinatanong ay ipinagpapatuloy sa susunod na pahina 

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa 1-800-983-8816 (TTY: 1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa CoveredCA.com.



Mga Tanong na Madalas Tinatanong *(ipinagpapatuloy)*

Iba pang mga tanong *(ipinagpapatuloy)*

21. Nalaman ko lang na ako ay buntis.

Makaka-apply ba ako para sa segurong pangkalusugan na sasaklaw sa akin sa panahong buntis ako?

Oo. Maaari kang mag-apply para sa segurong pangkalusugan na maaaring sumaklaw sa pangangalaga bago manganak (prenatal care), paghihilab at pagdaos ng panganganak, at pangangalaga pagkatapos manganak (postpartum care). Hindi ka na matatanggihan ng mga plano sa segurong pangkalusugan sa pagkakaroon ng segurong pangkalusugan kung ikaw ay buntis.

22. Magiging kuwalipikado ba ako sa segurong pangkalusugan kung hindi ako mamamayan o wala akong kasiya-siyang katayuang pang-imigrasyon (satisfactory immigration status)?

Ang sinumang nakatira sa California ay maaaring mag-apply para sa segurong pangkalusugan gamit ang aplikasyong ito. Ang mga taong nag-aapply lang ang kailangang magbigay ng mga Social Security number o impormasyon tungkol sa katayuang pang-imigrasyon.

Pero maaari kang maging kuwalipikado para sa mga partikular na programa sa segurong pangkalusugan kahit anupaman ang iyong katayuang pang-imigrasyon at kahit na wala kang Social Security number.

Pananatilihin naming pribado ang iyong impormasyon at ibabahagi lang namin ang impormasyon sa ibang mga ahensiya ng pamahalaan upang malaman kung sa aling programa ka kuwalipikado.

23. Saan ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa pagiging rehistrado para bumoto?

Kung hindi ka rehistrado para bumoto sa lugar kung saan ka nakatira ngayon at gusto mong mag-apply upang maparehistro para bumoto ngayon, mangyaring bumisita sa registertovote.ca.gov. O, tumawag sa 1-800-345-VOTE (8683).

24. Ako ay isang American Indian o Katutubo ng Alaska. Paano makakatulong ang Covered California sa akin?

Ang mga American Indian o Katutubo ng Alaska ay makakakuha ng mga serbisyo mula sa Indian Health Services (Mga Serbisyo sa Kalusugan para sa mga Indian), pantribung programang pangkalusugan, o mga programang pangkalusugan para sa mga Indian na nakatira sa mga lungsod. Kung ikaw ay isang American Indian o Katutubo ng Alaska na kinikilala ng pederal na pamahalaan, maaari kang maging karapat-dapat para sa:

- Walang mga out-of-pocket na gastos katulad ng mga pagkakaltas (deductible), mga copayment, at coinsurance (maliban na lang sa mga premyum)
- Mga espesyal na buwanang panahon ng pagpapatala

Siguraduhing kumpletuhin ang Attachment A at ipadala ito kasama ng iyong dokumentong katibayan ng pamanang American Indian o Katutubo ng Alaska. Kabilang sa, ngunit hindi limitado sa mga dokumento na maaari mong gamitin upang magbigay ng katibayan ng iyong pamanang American Indian o Katutubo ng Alaska ang:

1. Tribal enrollment card (kard sa pagpapatala sa tribu)
2. Certificate of degree of Indian blood (CDIB, Sertipiko ng Antas ng Dugong Indian) mula sa Bureau of Indian Affairs (Kawanihan ng Kapakanan ng Indian)

Kung interesado kang makatanggap ng anuman sa mga sumusunod na benepisyo, bumisita sa CoveredCA.com at gamitin ang “Aplikasyon para sa Segurong Pangkalusugan” upang mag-apply at malaman kung kuwalipikado ka para sa:

- Libre o mababang-halagang seguro, katulad ng Medi-Cal
- Mababang-halagang seguro para sa mga buntis na babae sa pamamagitan ng Access for Infants and Mothers (AIM)
- Tulong sa pagbayad para sa pribadong segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California

25. Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa desisyon na ginawa ng Covered California?

Maaari kang mag-file ng isang apela. Upang i-apela ang isang desisyon na hindi mo sinasang-ayunan, kontakin ang Covered California sa pamamagitan ng isa sa mga paraang ito:

- **Online:** Bumisita sa CoveredCA.com.
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY:1-888-889-4500). Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. Walang bayad ang tawag na ito!
- **Sa pamamagitan ng fax:** I-fax ang apela sa **1-888-329-3700**.
- **Sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo:** Ipadala sa koreo ang apela sa: Covered California – Appeals
P.O. Box 989725
West Sacramento, CA 95798-9725
- **Nang personal:** Mayroon kaming sinanay na mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na makakatulong sa iyo. Walang bayad ang tulong na ito!
- Para sa listahan ng mga Certified Enrollment Counselors (Sertipikadong Tagapayo sa Pagpapatala) at Certified Insurance Agent (Sertipikadong Ahente ng Seguro) na malapit sa lugar kung saan ka nakatira o nagtatrabaho, bumisita sa CoveredCA.com o tumawag sa **1-800-983-8816** (TTY: 1-888-889-4500).

Kailangan ng Tulong?

Tumawag sa Covered California sa **1-800-983-8816** (TTY:1-888-889-4500). Walang bayad ang tawag na ito. Maaari kang tumawag Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. at Sabado, 8 a.m. hanggang 5 p.m. O bumisita sa CoveredCA.com.



Pagkuha ng tulong sa iba pang mga wika

Maaari kang kumuha ng tulong sa aplikasyong ito sa iba pang mga wika.
Tumawag sa 1-800-983-8816.

Podemos ayudarle en español a llenar esta solicitud. Llame al 1-800-300-0213.

SPANISH

您可以透過其他語言
獲得此申請的幫助。

請致電 1-800-300-1533.

TRADITIONAL CHINESE

Quý vị có thể được trợ giúp về đơn đăng ký này bằng tiếng Việt. Hãy gọi 1-800-652-9528.

VIETNAMESE

이 응용 프로그램에 대한 한국어 지원을 받으실 수 있습니다. 전화: 1-800-738-9116.

KOREAN

Maaari kang kumuha ng tulong para sa aplikasyong ito sa Tagalog. Tumawag sa 1-800-983-8816.

TAGALOG

Koj txais tau kev pab nrog kev tso npe no ua lus Hmoob. Hu 1-800-771-2156.

HMONG

Вы можете получить помощь в оформлении этой заявки на русском языке. Звоните по телефону 1-800-778-7695.

RUSSIAN

Դուք կարող եք հայերենով օգնություն ստանալ այս դիմումի ձեր լրացնելու հարցում: Չանգահարեք 1-800-996-1009.

ARMENIAN

می توانید در ارتباط با این فرم تقاضا به زبان های دیگر کمک دریافت کنید. با شماره 1-800-921-8879 تماس بگیرید.

FARSI

អ្នកអាចទទួលបានជំនួយចំពោះពាក្យសុំនេះជាភាសាខ្មែរ។ សូមទូរស័ព្ទមកលេខ 1-800-906-8528.

KHMER

يمكنك الحصول على المساعدة بشأن هذا الطلب باللغة العربية. اتصل بـ 1-800-826-6317.

ARABIC



"I-like" ang Covered California sa Facebook!
Pumunta sa: [Facebook.com/CoveredCA](https://www.facebook.com/CoveredCA)



Sundan kami! @CoveredCA

